Kanser sa Baga-Lung Cancer

Office of Women's Health

Kapag ang isang tao ay mayroong kanser sa baga, ang mga selula sa baga ay dumarami nang hindi makontrol. Mas maraming tao ang namamatay mula sa kanser sa baga kaysa sa iba pang uri ng kanser. Mas maraming babae ang namamatay taun-taon sa kanser sa baga kaysa a kanser sa suso.

Ano ang nagsasanhi ng kanser sa baga?

- Ang paninigarilyo ang sanhi ng karamihang kanser sa baga.
- Mas marami ka nang nahithit at mas matagal ka nang naninigarilyo, mas malamang na ikaw ay magkaroon ng kanser sa baga.

Maaari ko bang bawasan ang aking pagkakataon na magkakanser sa baga?

- Kung ikaw ay naninigarilyo, sikapin mong huminto Kung hindi ka naninigarilyo, huwag mong simulan.
- umayo sa ibang tao na naninigarilyo. Ang paglanghap ng sigarilyo ng ibang tao ay maaari ring magdulot ng kanser sa baga.

Ano ang mga sintomas ng kanser sa baga?

- Ubo na hindi matanggal
- Pananakit ng dibdib
- Pagbaba ng timbang
- Hindi nakararamdam ng gutom
- Umuubo na may kasamang dugo
- Hirap huminga
- Pagkamalat
- Maraming impeksiyon sa baga, gaya ng pulmonya

Paano makikita ang kanser sa baga?

- X-ray sa baga o scan para makita kung mayroong mga marka sa baga.
- Pagsilip ng selula ng ubo sa mikroskopyo.
- Ang doktor ay maaaring gumamit ng isang maliit, nahuhubog na tubo na may kamera na nilalagay sa daluyan ng hininga. Ito ay tumitingin ng mga bahagi ng baga na mukhang hindi pangkaraniwan at kumukuha ng sample ng mga tisyu.

Mayroong dalawang uri ng kanser sa baga:

- Maliit na selulang kanser sa baga
- Di-maliit na selulang kanser sa baga

Bawat uri ng kanser sa baga ay dumarami at kumakalat sa iba't ibang paraan at ginagamot nang magkakaiba.

Stage ng kanser sa baga:

- Ang "stage" ay nangangahulugan ng dami ng kanser na kumalat. Kung minsan ang kanser sa baga ay nalalaman nang maaga at ito ay nasa baga pa lamang. May ibang pagkakataon na ito ay kumalat na sa ibang bahagi ng katawan.

OVER

6/2008 - Tagalog

Kanser sa Baga-Lung Cancer

- Kapag mayroong nakitang kanser sa baga, ang doktor ay gagawa ng pag-iiksamen upang makita kung gaano karami ang kanser na kumalat. Ang iksamen ay makatutulong sa doktor upang pasiyahan ang kagamutan na imumungkahi.
- Kung gaano kabisa ang kagamutan ay depende sa dami ng kanser na kumalat.

Paano ginagamot ang kanser sa baga?

- Siruhiya—Operasyon para tanggalin ang kanser
- Chemotherapy—Droga na pumapatay ng selulang kanser
- Radyasyon—Mataas na dosis ng X-ray na pumapatay ng selulang kanser

Ikaw ay maaaring mangailangan ng dalawa o higit pa sa mga kagamutang ito.

Para sa Karagdagang Kaalaman:

Administrasyon ng Pagkain at Droga (FDA)
http://www.fda.gov

Pambansang Institutsyon ng Kanser (NCI)
Telepono: 1-800-4-CANCER (1-800-422-6237)
http://www.cancer.gov